



Magpakasal sa Brampton Farmers' Market!

BRAMPTON, ON (Hulyo 18, 2022) – Dahil sa matinding interes na natanggap bilang tugon sa espesyal na promosyon sa mga seremonya ng sibil na kasal sa Brampton Farmers' Market, excited na inanunsyo ng Lungsod ng Brampton na ang promosyon ay pinapahaba para maisama ang Sabado, Setyembre 3, 2022.

Ikaw at ang iyong partner ay maaaring magpapalitan ng mga panunumpa at opisyal na magpakasal sa isang magandang Gage Park gazebo sa Farmers' Market sa halagang \$75 lamang!

Available ang limitadong mga espasyo. Mag-book nang personal bago lumipas ang **Agosto 24, 2022**.

Ang booking ay kailangang bayaran nang kumpleto sa oras ng pagpapa-book. Kailangang ipresenta o bilhin ang isang balidong marriage licence o lisensya sa pagpapakasal sa oras ng pagpapa-book (\$160).

Ang mga appointment sa marriage licence ay maaaring gawin sa www.brampton.ca/skiptheline o nang personal sa City Hall, Lunes hanggang Biyernes, 8:30 am hanggang 4 pm.

Mga Marriage Licence

Nagpaplano para sa inyong kasal? Bago magpakasal sa Ontario, kailangan muna ninyong kumuha ng marriage licence. Alamin ang tungkol sa mga hinihingi at sa mga timeline para sa pagkuha ng [marriage licence](#) mula sa Lungsod ng Brampton.

-30-

KONTAK NG MEDIA

Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton
multiculturalmedia@brampton.ca